

CHURCH CONCERNS:



United Church of Christ in the Philippines

South Luzon Jurisdiction
Northeast Southern Tagalog Conference

CHURCH NAME

ADDRESS:



8TH SUNDAY IN KINGDOMTIDE

October 16, 2016

Ika_9:45 ng Umaga

UCM SUNDAY



INDIGENOUS PEOPLE'S MONTH

Tagapagsalita:

Patnugot:

Pianista:

Tagapamahalang Pastor:

Volunteer Workers:

PAGNINILAY-NILAY: (A Spirituality means no less than an act of sharing in the broken Body of Christ for the healing of the world. It is a commitment to the mandate to give oneself to God and to the world so that God may be honored and that all may enjoy God's gracious gift of fullness of life.)

Kaayusan Ng Pananambahan

MASAYANG PAG-AAWITAN: PAMBUNGAD NA TUGTUGIN

PAGBUBUKAS NG BIBLIA AT PAGSISINDI NG KANDILA

☞☞☞ TAWAG SA PAGSAMBA

Patnugot: Purihin natin si Yahweh ng ating mga kaluluwa sapagkat Siya ang Dios!
Kay dakila Niyang talaga!

Kapulungan: Nababatbat ng maningning na liwanag ang Dios na Tagapaglikha.

Patnugot: Si Yahweh ang nagtayo ng saligan nitong lupa, matatag na ginawa at hindi mauuga.

Kapulungan: Ang ibabaw ng saliga'y ginawa Niyang karagatan at tubig din ang bumalot sa lahat ng kabundukan.

Patnugot: Awitan natin si Yahweh! Siya'y ating pupurihin habang tayo'y nabubuhay!

Lahat: Ang awit ng ating puso sana naman ay kalugdan, habang ating inaawit ang papuri sa Maykapal!

☞☞☞ PANIMULANG AWIT:

"Kung Masdan Ko ang Lahat ng Nilikha" MASP 98

Kung masdan ko ang lahat ng nilikha ng kamay Mo na lubhang dakila;
kung tingnan kong may puspos ng paghangang ginawa Mo na buhat sa wala.

Koro 1: **Sumisigaw O Dios ang puso ko! Dakila ang pag-ibig mo;
At ang taghoy ng puso sa Iyo; dakila ang pag-ibig Mo!**

Kung sa kulog Ikaw ay nagsasaysay, o sa bulong ng hanging amihan.
Kung sa kidlat ang kislap ay mamasdan, at sa dagat, balaghari'y tanaw. **(Koro 1)**

Sa ilaw ng buhay na walang maliw, ang krus sa 'ki'y nagbabalik mandin.
Bagbag puso na aking babanggitin, Panginoon, mahal ka sa akin.

Koro 2: **Awit sa 'yo ng aking kalul'wa, dakila Ka, aking Ama.
Awit sa 'yo ng aking kalul'wa, dakila Ka! Dakila Ka!**

Kung dumating kang nasa mga ulap, kukunin ang kasintahang tapat.
At kung ako sa ligaya'y lalaspap, Panginoon, kasiyaha'y ganap. **(Koro 2)**

☞☞☞ PANIBUKAS NA PANALANGIN:(sabay-sabay ang lahat)

Dinadakila namin ang Iyong pangalan, O Dios ng sangsinukob. Sa pamamagitan ng Iyong kagila-gilalas na mga gawa, doon namin nasusumpungan ang Iyong kapangyarihan at lalo namin nakikilala ang aming kahinaan at hangganan. Sa aming sama-samang pagsamba bilang mga lalaki at babae, nawa'y maunawaan namin ang kahulugan ng buhay-paglingkod at pakikihamok tungo sa pagkamit ng katuwiran at kaganapan nito. O Diwang Nagpapalaya, ipagkaloob Mo sa amin ang Iyong karunungan upang hindi kami mabilanggo sa aming kamangmangan. Maluwalhati Ka nawa, sa pamamagitan ng aming mga buhay. Ito ang aming sinasamo, sa ngalan ni Hesus. Amen.

HAMON NG PAGSISIYASAT NG MGA SARILI

TAWAG SA PAGSISISI

Patnugot: Nais ng Diyos ang mapagpakumbabang puso na kumikilala sa kabanalan ng Manlilikha. Subalit pinipili pa rin ng tao ang maging palalo, winawalang-bahala ang payo na may karunungan. Kaya nga sa sandaling ito, siyatin natin ang ating mga sarili at tanggapin ang ating mga pagkakamali. Talikdan natin ang likong gawa, ang pagiging makasarili at mapanlinlang. Hanapin natin ang katuwiran at isapamuhay ang kapayapaan.

(Magkaroon ng sandaling matahimik na panalangin)

Sa saliw ng Musika

PAGTANGGAP SA KAGANDAHANG-LOOB NG DIYOS: (Isaias 55: 6-7) "Hanapin mo si Yahweh habang siya'y matatagpuan, manalangin ka sa Kanya habang Siya'y malapit pa. Dapat nang talikuran ang mga gawain ng taong masama, at dapat magbago ng pag-iisip ang taong liko. Sila'y dapat manumbalik, at lumapit kay Yahweh upang kahabagan; at mula sa Diyos, makakamit nila ang kapatawaran.

TUGON: "Nais Kong si Jesus ay Isaysay"

Nais kong si Jesus ay aking isaysay yamang Siya'y tapat na kaibigan;
kung paanong binago ang aking buhay ay hindi magagawa ng sinoman.

KORO: Si Jesus ay wala nang kapantay, maunawaing kaibigan;
Pinaram ang aking manga kasalanan, at ako'y iningatan

BALITA AT MALASAKIT NG IGLESIA

ANG PAGBABATIAN NG KAPAYAPAAN

PANALANGING PASTORAL

TUGON "Halina ang May Pagod" MASP 128

Halina ang may pagod, may damdaming lungkot; Ikaw'y aking sinakop sa hirap at pagod.

Koro: Lapit na sa akin, taong may hilahil; Lapit na sa akin, kat'waa'y tanggapin.

ANG KAPAHAYAGAN NG SALITA NG DIYOS

☞☞☞ **PAGBASA MULA SA BANAL NA BIBLIA:** Kawikaan 11:2; Markos 10: 35-45

☞☞☞ **GLORIA PATRI:** "Ang Ama'y papurihan at ang Anak at ang Espiritu
Buhat pa saunang-una, ngayo't magpakailanman
Walang hanggan, Amen,Amen"

MENSAHE SA AWIT

MENSAHE NG BUHAY

TAHIMIK NA PAGNINILAY

ANG PAGHAHANDOG NG MGA KALOOb

TAWAG SA PAGHAHANDOG

Patnugot: Tayo nga ay tinatawag upang maglingkod sa ating kapwa at hindi upang paglingkuran. Bilang kapahayagan ng pag-aalay ng buhay at taos-pusong pasasalamat sa Diyos, ihandog natin ang bahagi ng bunga ng ating ikinabubuhay bilang pagsunod sa dakilang utos ng Panginoon.

PAGLILIKOM NG MGA HANDOG

HANDOG NA AWIT

☞☞☞TUGON

"Doxologia"

Purihin ang Diyos ng Awa. Kristo't Diwang mapagpala
Magpuri ang taong madla sa Diyos ng langit at lupa. Amen.

☞☞☞ **PANALANGIN NG PASASALAMAT:** **Patnugot**

☞☞☞ **AWIT NG PAGTATALAGA:** "Isama Mo Ako Hesus" **MAASP #77**

1. Samahan Mo ako Hesus, na gumawa at maglingkod, lihin Mo'y aking matalos, bigyan ng tapang ng loob.
2. Ang pusong nanglulupaypay, akin sanang matulungan, salita ng pagmamahal, dalhin sa nangangailangan.
3. Ako'y turuang magtiis, tulad ng Iyong sinapit, sa gawain ng pag-ibig tanang sama'y ng magahis.
4. At umasang Ikaw lamang, ang tanglaw sa aking daan, sa Iyong kapayapaan, ako'y loobing mabuhay.

☞☞☞ **PANALANGIN NG PAGTATALAGA (Isama ang panalangin para sa mga UCM)**

☞☞☞ PAGPAPAHAYO AT BASBAS

TUGON: **Tatlong Amen:** **Amen, Amen, A-a-a-amen**